KORTE SUPREMA

# GABAY NG MGA KALAHOK SA VIDEOCONFERENCING HEARING

*Mga hakbang sa pagdalo sa naitakdang pagdinig*




# GABAY NG MGA KALAHOK SA VIDEOCONFERENCING HEARING

*Mga hakbang sa pagdalo sa naitakdang pagdinig*

## MAAYOS NA ALITUNTUNIN BAGO DUMALO SA VIDEOCONFERENCE HEARING

### GABAY NG MGA KALAHOK SA VIDEOCONFERENCING HEARINGS

(Paunang pagdinig)

**1 Kompirmasyon**

Pagkatanggap ng link sa nakatakdang pagdinig, ang mga kalahok ay inaasahang sumagot sa paanyaya gamit ang kani-kanilang email address.
Ang lahat ng kalahok na hindi nakatanggap ng link para sa pagdinig sa loob ng dalawampu't-apat (24) na oras bago ang nakatakdang pagdinig o hindi ma-access ang nasabing link, ay inaasahang magbigay alam sa korte gamit ang email, telepono o ano pa mang elektronikong komunikasyon na pamamaraan.



**2 Kompidensiyal**

Ang link sa videoconferencing hearing ay inaasahang itatrato na isang bagay na kompidensyal, at hindi dapat ibahagi sa kahit sinumang tao na hindi awtorisado ng korte.

**3 Alamin ang platform o app**

Ang mga kalahok sa nakatakdang pagdinig ay inaasahang magsanay sa paggamit ng platform o app bago ang itinakdang pagdinig.





**4 Maayos na Pananamit**

Magsuot ng mga kasuotang nararapat sa pagdinig.

**5 Dumalo sa takdang oras**

Inaasahan na ang mga kalahok ay dadalo sa pagdinig dalawampung (20) minuto bago sa nakatakdang pagdinig.






**6 Gumamit ng nararapat na mga gamit**

Siguraduhin na ang mga telekomunikasyon na gamit ay gumagana. Kung maaari, subukan ang mga gadgets o subukan tumawag para malaman kung gumagana ng maayos ang camera, mic at speakers bago dumalo sa nakatakdang pagdinig.

**7 Lugar o Lokasyon**

Siguraduhin na ang lugar na pagdadausan ng videoconferencing hearing ay tahimik at hindi makakaistorbo ang tunog sa paligid sa pagdinig.



**8 Sapat na ilaw o liwanag**

Siguraduhin na ang lugar ay may sapat na liwanag o ilaw.

**9 Camera**

Siguraduhin na ang sukat o kwadro ng camera ay nakaposisyon ng maayos.




**GABAY NG MGA KALAHOK SA VIDEOCONFERENCING HEARING**


*Mga hakbang sa pagdalo sa naitakdang pagdinig*

# PAANO DUMALO SA VIDEOCONFERENCING HEARING GAMIT ANG IYONG LAPTOP O DESKTOP COMPUTER

**1.** Sa iyong imbitasyon na natanggap sa email, pindutin ang "Click here to join the meeting."





***Ang iyong default browser ay bubukas. Minumungkahi na i-download ang Teams desktop application at i-install ito sa laptop o desktop computer para magamit ang lahat ng mga features ng MS Teams.*




## PAG INSTALL NG MICROSOFT TEAMS


Isang beses lamang kailangan i-install ang app.

1. Magpunta sa website na: https://www.microsoft.com/en-ww/microsoft-teams/download-app
2. I-download at i-install ang app
3. Kapag na-install na ang app, makikita sa screen ang larawan sa baba:





*Tandaan : Hindi kailangan na gumawa ng account. Maaring isara na ang window o ang app, at pindutin lamang ulit ang "Click here to join the meeting" na link sa email at sundin ang mga gabay na nakalagay sa ibabang bahagi.*

**2.** Kapag meron ng Teams Desktop Application na naka-install, piliin ang "Open your Teams app."





**Tandaan:** Kapag hindi naka-install ang desktop application o nais mong dumalo sa pagdinig gamit ang iyong browser, maari mong piliin ang "continue on this browser." Mas mabuting gamitin ang **Microsoft Edge or Google Chrome** dahil ang ibang browser ay hindi supportado ng MS Teams.

**3.** May bagong window na lalabas. Ilagay ang iyong buong pangalan (halimbawa Juan Dela Cruz) para sa tamang pagkakakilanlan.





**4.** Buksan ang video at ilagay sa “mute” ang audio bago pumasok sa pagdinig o VCH.








**5.** Pagkatapos pindutin ang "Join now," ika'y mapupunta sa lobby bago ka papasukin o tatanggapin sa VCH.





## PARA SA MAAYOS NA PAKIKINIG



# GABAY NG MGA KALAHOK SA VIDEOCONFERENCING HEARING

*Mga hakbang sa pagdalo sa naitakdang pagdinig*




**PAUNAWA:** Kami ay kasalukuyang nasa proseso ng paggawa ng permanenteng link para sa mga virtual na silid ng korte o VCH. Ang mga permanenteng link ay ilalathala sa website ng Korte Suprema https://sc.judiciary.gov.ph sa lalong madaling panahon. Ang mga kalahok ay inaasahang pipindutin lamang ang link at didiretcho na sa virtual na silid ng korte o VCH.